
3

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Music

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Tono ng Musika




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Music – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Tono ng Musika**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Gina D. Gumilan
**Editor:** Reynaldo C. Deocampo
**Tagasuri:** Marivic O. Arro, Iris Kristine A. Mejos, Eduardo Jr. A. Eroy, Gloria C.Sabanal, LeaC. Manambay, Ana Lorma A. Dahiroc
**Tagaguhit:** Milky D. Almorato
**Tagalapat:** Alona L. Ambasan, Precy A. Tagaro, Melanie Mae N. Moreno
**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Reynante A. Solitario, Mary Jeanne D. Aldeguer, Janwario E. Yamota, Analiza C. Almazan, Djhoane C. Aguilar, Ma. Cielo D. Estrada, Maria Perpetua Angelita G. Suelto

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Music

## Ikalawang Markahan – Modyul 1:
## Tono ng Musika

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Nais mo bang matutuhan ang pag-awit na nasa tamang tono?

Sa araling ito, matutuhan mo ang iba't ibang **pitch** ng awitin **(MU3ME-IIa-1)**.

Ito ay ang:

- Mataas
- Mababa
- Di-gaanong mataas
- Di-gaanong mababa
- Mas mataas
- Mas mababa


Ito ay mahalagang matutuhan upang makuha mo ang tamang pitch ng tono ng isang awit at maging kawili-wili itong pakinggan.


Matapos mong matutuhan ang araling ito, ikaw ay inaasahang:


1. natutukoy ang mababa, mataas, di-gaanong mataas, di-gaanong mababa, mas mataas, at mas mababang tono; at
2. napaghahambing ang mga tonong nakikita sa bawat sukat.


## Subukin


A. Tukuyin ang tono o pitch ng bawat nota. Isulat ang titik ng napiling sagot sa sagutang papel.

1.  _______

2.  _______

3.  _______



4.  _______


5.  _______

| | |
|---|---|
| a. Mataas | c. Di-gaanong mataas |
| b. Mababa | d. Di-gaanong mababa |

B. Paghambingin ang pitch ng bawat pares na nota. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

a. mas mataas     b. mas mababa

1.  _______ 

 _______ 

Aralin 1

# Tono ng Musika


## *Balikan*


Punan ng nawawalang **stick notation** ang bawat sukat upang mabuo ang ostinato. Piliin ang titik ng iyong sagot at isulat ito sa sagutang papel.


a. 


b. 


c. 

_____ 1. 

_____ 2. 

_____ 3. 


_____ 4. 

_____ 5. 

## Tuklasin

Subukin mong kantahin ang awit na pinamagatang “Twinkle, Twinkle, Little Star”. Tandaan ang posisyon ng nota. Ito ang magiging gabay mo sa pagbigay sa tamang pitch ng awitin.

### Twinkle, Twinkle Little Star




Pinagmulan: Amelia M. Ilagan et. al., *Music, Art, Physical Education and Health – Ikatlong Baitang Kagamitan ng Mag-aaral sa Tagalog, First Edition,* Pasig City: Rex Book Store Inc., 41.


# *Suriin*

Ngayon, pag-aralan mo at intindihin ang mga bagay na makatutulong ng lubusang pag-unawa sa aralin.


Ang pitch ng nota ay matutukoy sa pamamagitan ng posisyon nito sa linya ng staff.

Kilalanin ang mga posisyon ng nota at ang katumbas nitong pitch o tono:


1. Ang mga nota na nasa ibaba mula sa ilalim ng unang linya ng staff ay matutukoy na nasa **mababang tono.**




2. Ang mga nota na nasa itaas mula sa ikatlong linya ng staff ay matutukoy na nasa **mataas na tono.**



3. Ang mga nota na nasa itaas na hindi gaanong malayo sa ikalawang linya ng staff ay matutukoy na **di-gaanong mataas na tono**.







4. Ang mga nota na nasa ibaba na hindi gaanong malayo sa ikalawang linya ng staff ay maituturing na **di-gaanong mababang tono.**




5. Sa paghahambing naman ng dalawang nota, maging ito'y nasa itaas o ibaba ng staff, matutukoy ito bilang **mas mataas** o **mas mababang tono**.


Halimbawa:

1. Ang notang  ay **mas mababa** kaysa sa notang 

2. Ang notang  ay **mas mataas** kaysa sa notang 

Ang pitches ng nota ay maaari ring maipakikita sa pamamagitan ng **scale** kasama ang so-fa silaba at **Kodaly hand signals**. Pag-aralan ang larawan sa ibaba.



Do
Re
Mi
Fa


So
La
Ti
Do


# Pagyamanin

Gawain 1


Tukuyin ang nota na nagtataglay ng ibinigay na pitch. Isulat ang letra ng iyong napiling sagot sa sagutang papel.





1. Mababa




2. Mataas




3. Di-gaanong mababa






4. Di-gaanong mataas


Gawain 2


Tingnan ang bawat pares ng tono. Ihambing ang unang tono sa ikalawang tono na nasa staff. Iguhit ang bilog o tatsulok sa loob ng kahon sa sagutang papel. Sundin ang patnubay sa ibaba.


Iguhit:

 - mas mababa


 _ mas mataas


Halimbawa: 

1. 

4. 


2. 


5. 

3. 

Gawain 3

Kantahin ang nota sa pamamagitan ng pagbigkas ng wastong pitch gamit ang sofa-silaba at Kodaly hand signals. Maaaring ang magulang o nakatatandang kapatid ang siyang magbibigay iskor sa tseklist o rubrics na nasa ibaba.





Rubrics

| Kasanayan | Iskor | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Naibibigay ang tamang pitch ng bawat nota | | | | |
| Naipakikita nang tama ang Kodaly hand signals | | | | |
| Kabuoang Iskor | | | | |

# Isaisip

Tandaan:

Ang mga nota na nasa ibaba, sa ilalim ng ikalawang linya ng staff ay nasa **mababang tono**. Ang mga nota na nasa itaas mula sa ikatlong linya ng staff ay nasa **mataas na tono**.


Ang mga nota na nasa itaas na hindi gaanong malayo sa ikalawang linya ng staff ay napapabilang sa **di-gaanong mataas na tono**. Ang mga nota na nasa ibaba na hindi gaanong malayo sa ikalawang linya ng staff ay maituturing na **di-gaanong mababang tono**.


Sa paghahambing naman ng dalawang nota, ginagamit na pagtukoy ang **mas mataas na tono** o **mas mababang tono**, maging ito'y nasa itaas o ibaba ng staff.





# Isagawa


Suriin ang kinalalagyan ng nota. Kilalanin ang pitch sa pamamagitan ng pagsulat sa kahon ng **mataas**, **mababa**, **di-gaanong mataas**, at **di-gaanong mababa**. Isulat ang sagot sa papel.

1. 

2. 

3. 

4. 


5. 


## *Tayahin*


A. Subukin ang iyong nalalaman sa aralin. Tukuyin ang pitch o tono ng bawat notang binilugan. Isulat ang titik ng napiling sagot sa sagutang papel.


a. Mababa
b. Mataas
c. Di-gaanong mataas
d. Di-gaanong mababa

1. 



2. 



3. 



4. 



5. 

B. Paghambingin ang tono ng magkapares na nota. Isulat sa puwang ang **mas mababa** o **mas mataas** upang makompleto ang kaisipan ng pangungusap. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Ang  ay mayroong tono na__kaysa sa  .


2. Ang  ay mayroong tono na_____kaysa sa  .

3. Ang  ay mayroong tono na___ kaysa sa  .


4. Ang  ay mayroong to_____ kaysa sa  .

# *Karagdagang Gawain*


A. Gumuhit ng nota sa bawat **staff** ayon sa hinihingi nitong tono o pitch. Gawin ito sa sagutang papel.




1. mataas



2. mababa







3. di-gaanong mataas



4. di-gaanong mababa

B. Gumuhit ng pares na nota na nagpapakita ng paghahambing ayon sa ibinigay na pitch.

1.  mas mababa sa 

2.  mas mataas sa 

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

A.
1. c
2. a
3. d
4. c
5. b

B.
1. b
2. a

**Balikan**

1. b
2. a
3. a
4. a
5. a

**Pagyamanin**

Gawain 1

1. a
2. d
3. c
4. a or b

Gawain 2

1. Circle
2. Circle
3. Circle
4. Triangle
5. Circle

Gawain 3

Pag-awit ng mga nota sa pamamagitan ng pagbigkas ng wastong pitch gamit ang sofa-silaba at Kodaly hand signals.

**Isagawa**

1. Mataas
2. Mababa
3. Di-gaanong mataas
4. Mataas
5. Mababa

Tayahin


A. 1. d
2. c
3. b
4. c
5. d


B. 1. Mas mababa
2. Mas mataas
3. Mas mataas
4. Mas mababa


## Karagdagang Gawain


Paalaala: Maaaring magkaiba ang sagot.

**A.**

1. 


2. 


3. 


4. 


**B.**

1. kahit anong nota na mas mababa sa 

2, kahit anong nota na mas matataas sa 

# *Sanggunian*

Batiloy, Fely A., Borbor, Ma.Teresa P., Cinco, Mary Grace V. , Digo, Maria Elena D., Enguero, Fe V., Ilagan, Julian, Arthur M., Amelia M., Obseńares, Josephine Chonie M., Villareal, Josepina D., 2014, 2016,2017, *Music, Art, PE, and Health 3, Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*, Department of Education-Bureau of Learning Resource (DepEd-BLR), Book Media Press, Inc., 21 E. Boni Serrano Ave., Quezon City

Batiloy, Fely A., Borbor, Ma.Teresa P. , Cinco, Mary Grace V. , Digo, Maria Elena D., Enguero, Fe V., Ilagan, Amelia M., Obseńares, Josephine Chonie M., Villareal, Josepina D. 2015, *Music, Art, PE, and Health 3 Teacher's Guide*, Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Rex Bookstore, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph